

Ang Moorebank Intermodal Precinct (the Precinct) ay isa sa pinakamahalagang lugar ng industriya at intermodal ng Australya. Ang kalaki at kapasidad nitong presinta ay kaunaunahan sa Australya at siya ang magbabago sa sistema ng pagtustos ng bansa, na magdadala ng sampu-sampong libong mga bagon palabas sa daan ay ganoon din ang pagpapababa ng mga gastusin ng mga negosyo at consumer sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahusay at napapanatiling mga pagpoproseso at naghahatid ng mga kargamento at kalakal.

## Mga Ecological Tours sa Moorebank Intermodal Precinct







Noong Hunyo, kami ay matagumpay na nagsimula sa ating unang ginabayang eco-tour ng 20 interesadong mga lerners mula sa Wattle Grove Public School na mga unang bisita mula sa publiko dito sa lugar na sensitibo at protektado na kapaligiran.

Sa pangunguna ng mga ecologists mula sa Arcadis, ang mga bata ay nasiyahan na nakakita ng mga sugar glider, possum, at ibon sa kanilang nest-box tour. Ang mga sona ng konserbasyon sa Moorebank ay tatlong beses na mas malaki kaysa Sydney Botanical Gardens at hindi pa ito binuksan para sa publiko upang maprotektahan ito sa mga hindi sinasadyang pagkakapinsala, na nagbibigay itong paglilibot na napakamahalagang kaganapan sa Precinct.

Itong hardin ay nasa likuran lamang ng local na paaralan, at kami ay masayang magpapatuloy sa paghahanap ng mga paraan sa pakikipag-ugnay sa komunidad sa Moorebank.

Makikita sa larawan sa itaas: Ang mga mag-aaral at guro ng Wattle Grove Public School at mga kawani ng Precinct at mga Ecologist habang kasali sa aming unang Ecological Tour.

## Paggawa ng Bodega at Imprastraktura



Kamakailan lamang ay sinimulan namin ang konstruksyon sa tatlong state-of-the-art na mga bodega sa bandang katimugan ng Precinct.

Sa may kabuuang lawak ng lugar (GFA) na 84,480 metro kwadrado; itong mga bodega ay makapagbibigay ng malaking enerhiya mula sa rooftop solar energy at battery storage, gayun din ng imbakan ng 20,000 litro ng maiinom at tubig ulan na maaari ding magamit muli.

Ang mga bodega ay naka-iskedyul na makumpleto sa unang tatlong buwan ng 2025.

Nakalarawan sa kaliwa: Ang mga pangkat ng LOGOS at FDC Construction Fit ay opisyal na binuksan ang tatlong mga bagong bodega.

## Ang pagbubuo muli sa lugar sa pamamagitan ng biodiversity

Ang National Intermodal ay nagpapaunlad sa aming mga trabaho na nakatuon sa pagkakaroon ng mahusay at de-kalidad ang sari-saring kabuhayan (biodiversity) sa mga lugar na nakapaligid sa Moorebank Intermodal Precinct. Ang ating pokus ay ang pagpapatrabaho sa loob ng Casula offset site sa kanlurang pampang ng Georges River hanggang sa malapit na katimugan ng Casula Train Station. Ang pag-aalis sa mga damo at kakaibang halaman ay nagsimula dito sa lugar na siyang tahanan ng maraming katutubong uri ng mga hayop katulad ng mga cockatoo, lorikeet at paminsan-minsang red-belly black snake.

Ang susunod nating pantuonan ng pansin ay ang muling pagbuo sa isang lugar na kilala bilang ‘the dustbowl’ na makasaysayang nasira noong mga dating pagagamit sa lugar. Sa lokasyong ito ay mayroon ng matatag na pang-ibabaw na lupa, nakalagay na puno ng mga kahoy (kinulekta mula sa buong presinto), sinimulan ang pagtatanim ng mga punla at malapit nang taniman ng mga halaman at kahoy. Sa kalaunan, itong muling nabuong lugar ay pagsasamahin sa mga halamanan sa paligid upang makapagbigay ng mas malawak at mas sari-saring mga tirahan ng mga katutubong uri ng hayop.



## Naparangalan ang mga Military Working Dogs sa Moorebank Intermodal Precinct

Upang parangal sa mahabang kasaysayang militar ng Moorebank, tatlong mga daanan sa loob ng Moorebank Intermodal Precinct ay ipinangalan sa mga Australian Military Dog.

Ang Marcus Street, Trajan Place at Tiber Place ay pangalan ng mga asong naglingkod sa Vietnam War. Maraming salamat sa Australian Defence Force Trackers and War Dogs Association sa kanilang pagbabahagi ng kanilang kasaysayan na nakatulong sa atin na kilalanin itong tatlong natatanging aso, at ang pamanang militar ng rehiyon.

Maaaring madagdagan ang iyong kaalaman mula sa aming website: moorebank.au

Kanan: Ang Working Dog ng mga sundalo na si Marcus kasama ang kanyang mga tagapag-alaga sa Vietnam.



## Pagbabago ng linya sa Moorebank Avenue Realignment

Ang Moorebank Avenue Realignment Works Project ay tungkol sa pagbabago ng linya at pagpapaganda ng may tatlong kilometrong daan upang magamit ng mga pampubliko at pang-operasyong sasakyan ng Moorebank Intermodal Precinct. Nabigyan na ng pagka-aproba ang proyekto, at kami ay nagsisimula na sa yugto ng konstrukyon. Nabuo na ang mga plano sa pamamahala ng kapaligiran at maisasakatuparan ito upang maprotektahan ang mga pasilidad at katangian ng mga lugar sa paligid sa panahon ng mga trabaho.

Karagdagan nito, inihanda ang isang Urban Design Landscape Plan sa pakikipagsangguni sa mga may kapangyarihan sa pamahalaan at ibang mga may pakialam (stakeholder). Malapit nang isumite itong plano sa Department of Planning, Housing, and Infrastructure (DPHI).



Moorebank Intermodal Precinct

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

Ang aprobadong mga oras ng pagpapaandar sa Intermodal Facility (pati ang Import Export Terminal, Rail Link at Warehousing) ay 24 oras, 7 araw kada linggo.

**Mga trabaho sa labas sa oras ng opisina (Out-of-Hours)**

Ang aming mga patrabaho ay kadalasang ginagawa sa loob ng mga karaniwang oras ng konstruksyon, ngunit maaaring may mga ilang aktibidad na nangangailangan ng pagtatrabaho sa labas ng mga oras ng opisina (out-of-hours) upang mapaliit ang epekto sa komunidad, ang mga gumagamit sa daan at lokal na negosyo.

Ang mga trabahong ito ay maibabalita ng maaga sa pamamagitan ng www.moorebank.au at sa paglalagay ng mga pulyetos sa mga letterbox para sa mga residente at negosyong maaapektuhan.

**Ang aprobadong batayan sa mga oras ng pagtatrabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi
Sabado:
ika-7ng umaga hanggang ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi
Sabado:
ika-8 ng umaga hanggang ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnayan tungkol sa anumang mga bagay sa itaas, humingi ng impormasyon o gumawa ng reklamo:

Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

1800 986 465

moorebank@tsamgt.com

